The Official Newsletter of United Christian Fellowship Church Vol. 10 • Issue No. 1 • January 2, 2022 Php 15.00

# VOICE OF THE VISION




**Rev. Dr. James C. Sy**
***UCF Administrative Pastor***

# Response

**Luke 2:15-20 (NKJV)**

15So it was, when the angels had gone
away from them into heaven, that
the shepherds said to one another,
"Let us now go to Bethlehem and
see this thing that has come to pass,
which the Lord has made known
to us." 16And they came with haste
and found Mary and Joseph, and
the Babe lying in a manger. 17Now
when they had seen Him, they made
widely known the saying which was
told them concerning this Child.
18And all those who heard it marveled
at those things which were told them
by the shepherds. 19But Mary kept
all these things and pondered them
in her heart. 20Then the shepherds
returned, glorifying and praising
God for all the things that they had
heard and seen, as it was told them.

## Introduction

Many of us would look at New Year as a fresh beginning or as an opportunity to start over; to overcome a habit or to improve and be better. It may be related to parenting, losing weight, developing different priorities, or using our time better.

But the New Year is a time to reflect and think about what the past year has brought and what the New Year could bring. It is a time to stop and analyze our priorities, values, and goals. We need to ask questions like "What am I doing with my life? What should I be doing as a Christian with my life and as a steward of God?"

Christian life is a stewardship of our time, talents, treasures, and the truth (Jesus Christ).

Upon hearing the news from the angels, the shepherds were excited and acted in faith. The scriptures made it very clear that they did not pursue the angels but the message of the angels (the revelation). Some may reason that if only an angel would appear to them, they would have the same response.

It is not through the miraculous experience that men change, it is the Word and the Spirit of God.

**Luke 16:27-31**

27"Then he said, 'I beg you therefore,
father, that you would send him to
my father's house, 28for I have five
brothers, that he may testify to them,
lest they also come to this place of
torment.' 29Abraham said to him,
'They have Moses and the prophets;
let them hear them.' 30And he said,
'No, father Abraham; but if one goes
to them from the dead, they will
repent.' 31But he said to him, 'If they
do not hear Moses and the prophets,
neither will they be persuaded
though one rise from the dead.' "

The response of the shepherds was the result of the proclamation of truth (Scripture). This provides a good analogy for our need to hear the Word on a regular basis, and, as a result of that, to act on what we learn and know.

**I. They were excited.**

What are we doing through the day? Has there been any prayer time, meditation, confession, daily reading of the God's Word, or do we come hurried, groaning, upset and out of order? Are we more occupied with the world and the things of this world like our business, sports, pleasure, computers, or even with our problems than with the Savior?

**II. They speak to one another.**

People naturally like to share good news or discuss important events in their lives--the birth of a child, the purchase of a new house, the landing of a new job. We are social beings and we need to give and receive input from others. We all generally and naturally love to talk about the things we enjoy and love and that are important to us.

The New Testament highlights the needs and responsibilities we have to one another as members of the body of Christ. We are to love one another, build up one another, serve one another, and encourage one another.

**III. They call others to join.**

Not only did they feel excited and speak to one another, they called others to join. Their response is unity.

**IV. They have the same goal.**

They had received revelation from God and when responded to in faith, God's Word always reorients the direction of our lives. It changes our orientation. In the light of this news, they developed specific goals that controlled and directed their behavior and pursuits.

Goals (or the lack of them) determine what we do with our lives, with whether we count for God and for eternity or not. What are your goals for the 2022? Do you have any? Do you see your purpose in life?

*continue on page 14 >>*

BALIK TANAW 2021

# Buong taong katapatan ng Diyos

Ang Panginoon ay tunay na tapat at dakila sa panambahang Kaniyang tinawag. Sa nagdaang taong 2021, samu't saring mga pagsubok at problema man ang kinaharap ng bansa, ngunit ang pagmamahal, proteksiyon, pagpapala at paggabay ng Panginoon ang patuloy na naranasan ng panambahan at pamilya ng mga miyembro nito. Ang taong ito ay nagsilbing patotoo ng dakilang pagkilos ng Diyos sa UCF dahil kailanman ay hindi Niya tayo iniwan at pinabayaan bagkus lalo Niyang pinalakas ang ating pananampalataya at pinagtibay ang ating relasyon sa Kaniya. Ating balikan ang mga naging kaganapan sa panambahan noong nakaraang taon at ating sariwain kung paano tayo sinamahan ng Diyos sa buong taon.

## Enero




### Bible Race

Tatlong araw ng kasiyahan at paglalim sa Diyos ang ginanap sa Mt. Tabor *Church Re-Creation Center* na dinaluhan ng mahigit 226 katao. Ang *Bible Race* 2021 ay naka-sentro sa layuning mailapit ng mga UCF *member, worker* at ang kani-kanilang pamilya sa Panginoon upang kanilang maranasan ang pagmamahal na mayroon ang pamilya ng Diyos.

## Pebrero

### UCF 34th Anniverary

Isang makulay at makabuluhang selebrasyon ang isinagawa upang ipagdiwang ang katapatan at kadakilaan ng Panginoon sa 34 na taon ng panambahang Kaniyang tinawag. Napuno ang pagdiriwang ng kagalakan at pasasalamat sa pamamagitan ng mga presentasyon mula sa iba't ibang *fellowship group* at mga nakakaantig na AVP.







### Anniversary Thanksgiving

Matapos ang pagdiriwang ng ika-34 na anibersaryo ng UCF, pagdiriwang naman ng pasasalamat ang ginanap sa UCF *Compound*. Pinagtulungang ihanda ng lahat ang masasarap na pagkain na kanila ring masayang pinagsalu-saluhan. Tunay na tapat ang Diyos sa panambahang kaniyang tinawag.

## Marso

### BSOTA Anniversary

Ang Diyos ay tunay na hindi limitado ng oras, lokasiyon at anumang sitwasyon. Ngayong taon ay marka ng unang anibersaryo ng *Bible Study on the Air with* Rev. Dr. William Sy na unang sumahimpapawid sa kalagitnaan ng pandemya taong 2020. Layunin ng programa na maihatid ang Mabuting Balita ng kaligtasan sa bawat tahanan sa Pilipinas at sa buong mundo.







### Covenant Signing

Nananatiling tapat ang Diyos noon at magpakailanman! Ang bawat isa ay nagpahayag ng kanilang buong pusong desisyong patuloy na manampalataya at magtiwala sa Diyos sa ginanap na *Covenant Signing*. Pagtugon at pagsunod sa kalooban ng Panginoon ang siyang tinayuan ng bawat manggagawa ng panambahan ng UCF.

## Abril

### Midweek Google Meet

Muli mang nailagay sa *Enhanced Community Quarantine* ang buong bansa, nagpatuloy pa rin ang UCF sa paghahatid ng Salita ng Diyos sa mga kasapi nito. Sa pangunguna ng ating mga pastor ay nagsagawa ng *Online Bible Study* ang UCF gamit ang *Google Meet* tuwing Huwebes ng gabi. Sa pamamagitan din nito ay nasasagot ng mga pastor ang mga katanungan ng lahat patungkol sa Salita ng Diyos.




**Haggai 2:4 (NKJV)**

**Yet now be strong, Zerubbabel,' says the Lord; 'and be strong, Joshua, son of Jehozadak, the high priest; and be strong, all you people of the land,' says the Lord, 'and work; for I am with you,' says the Lord of hosts.**

# Mayo





## Family Camp

Mayo 13-15, nagtungo ang pamilya ng UCF sa Mt. Tabor para sa taunang *Family Camp* kung saan isang makahulugang pagkilala sa Diyos ang kanilang naranasan. Kasama ang kani-kanilang mga pamilya, masayang nagtipon-tipon ang mga anak ng Diyos upang mas maunawaan ang tawag ng paglilingkod sa UCF at ang kanilang pamilya ay madala rin sa Kaniyang paanan.

## Mothers' Day

Pagpupugay para sa ating mga mahal na ina! Isang AVP ang tampok na nagpakita ng wagas na pag-ibig at walang maliw na pag-aaruga ng mga ina sa kanilang pamilya. Handog ito para sa mga nanay na buong pusong pinasalamatan sa lahat ng kanilang mga sakripisyo at dahil sila ay patuloy na kinakasangkapan ng Diyos upang ang kanilang pamilya ay ganap na maidako sa kalooban ng Diyos Ama.





# Hunyo









## UCA Virtual Graduation

Matagumpay na idinaos ng UCA noong Hunyo 5 ang ika-24 na taong pagtatapos ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng *virtual Recognition Rites* at *Commencement Exercises*. Espesyal ang kaganapang ito dahil ito ay ginanap *online* na natunghayan sa *Facebook* at *Youtube*. Ang mga mag-aaral ay tumanggap ng mga parangal at pagkilala para sa kanilang buong taong pagsisikap at pagpapagal.

## Mt. Tabor Development


Isang produktibong taon ang naganap sa Mt. Tabor kung saan iba't ibang konstruksiyon at pagsasaayos ang pinagtulong-tulungan ng mga manggagawang nagboluntaryo sa pangunguna ni Rev. Dr. William Sy. Bahagi naman ng pagpapalago sa Mt. Tabor ay ang pagtatatag ng Mt. Tabor *Farm* sa pangunguna naman ni Rev. Dr. James Sy kung saan iba't ibang mga gulay, prutas at bulaklak ang itinanim at mga hayop ang inaalagaan dito.













## TESDA Scholarships

Ang UCACOA bilang TESDA *Certified Training Center* ay patuloy na nagbibigay ng libre ngunit kalidad na pagsasanay. Dahil sa mga *scholarship grant* na natatanggap ng institusyon sa pamamagitan ng *Training for Work Scholarship Program* (TWSP), mahigit 100 na iskolar ang nakatanggap ng libreng training sa kursong *Contact Center Services* (CCS) NCII. Sa maikling araw, sila ay natuto at nakatanggap din ng *allowance*.

## UCA-UCF Outing

Sama-sama sa kasiyahan at kagalakan ang pamilya ng UCF! Dalawang *outing* ang ginanap ngayong taon sa Calatagan at Calayo, Batangas. Handog ito para sa mga masisipag at mga tapat na manggagawa ng UCA at UCF. Kasiyahan at maikling kapahingahan ang hatid ng gawain sa mga guro at iba pang manggagawa. Batid sa kanilang mga ngiti ang kagalakan na makasama ang bawat isa sa masayang bakasyong ito.









## Fathers' Day

Alay naman sa masisipag at matitiyagang ama ng tahanan, ginanap ang pagdiriwang ng *Fathers' Day*. Tanging kagalakan ang tampok sa nasabing gawain na siyang lalong natunghayan nang maghandog ng espesyal na AVP ang *Multimedia Department*. Nagtungo rin sila sa Mt. Tabor kung saan nagbahagi si Rev. Dr. William Sy ng espesyal na mensahe mula sa Diyos.

**Haggai 2:5 (NKJV)**

**'According to the word that I covenanted with you when you came out of Egypt, so My Spirit remains among you; do not fear!'**


## Hulyo

### UCFTS Recognition

Ang UCF *Theological Seminary* (UCFTS) ay nagtapos ng isa na namang semestre kung saan 18 estudyanteng nagpakita ng husay at galing sa kanilang klase ay binigyang parangal sa ginanap na UCFTS *Recognition Rites* noong Hulyo 11.





### Music Clinic Opening

Upang lalo pang mapaghusay ang talentong ibinigay ng Panginoon sa kabataan, muling nagbukas ang UCF *Music Clinic*. Sa kabila ng pandemya ay nagpatuloy ang pagtuturo *online* ng mga instruktor ng pagtugtog ng gitara, *drum set* at *keyboard* sa pamamagitan ng *Google Meet*.

## Agosto

### Ptr. William's Birthday

Masayang ginunita ng panambahan ang kaarawan ng ating Punong Pastor na si Rev. Dr. William Sy noong Agosto 3 kung saan ang lahat ay nagsalu-salo sa mga inihandang pagkain. Naghanda rin ng espesyal na AVP kung saan ang ilan sa mga miyembro ay nagpahayag ng kanilang mensahe para kay Rev. Dr. Sy.







### UCA & UCACOA Opening


Isang panibagong taon ang muling sinalubong ng UCA kasama ang 528 na mga estudyante ng *Pre-school* hanggang *Senior High School* na mula sa iba't ibang panig ng mundo. Kasabay nito ay ang pagbubukas rin ng UCACOA kung saan 33 na estudyante ang kumuha ng *Bachelor in Technical Vocational Teacher Education* (BTVTEd).

### UCA 25th Anniversary

Isang buong linggong masayang ginunita ng lahat ang ika-25 na anibersaryo ng katapatan ng Diyos sa UCA sa pamamagitan ng iba't ibang mga aktibidad *online* tulad ng *booth game, fun game, Art Champ, UCA The Moves, UCA The Voice, Little Mr. and Ms. UCA* at *Mr. and Ms. UCA*. Nagkaroon din ng espesyal na *awarding ceremony* para sa mga nagwagi.








### UCFTS Opening

Matapos ang ginanap na Recognition Rites, muling nagbukas ang UCFTS ng panibagong semestre kasama ang 47 na mga estudyanteng kung saan 39 dito ang nag-aaral sa ilalim ng *Bible School* sa Parañaque at walo (8) naman ang piniling pumasok sa *seminary* sa UCF Mt. Tabor *Church Re-Creation Center*.

## Setyembre

### Tree Planting Activity

Sama-samang nakilahok ang kapatiran ng UCF sa isinagawang *tree planting activity* sa Mt. Tabor upang lalo pang mapaganda at mapalago ang lupang ipinagkaloob ng Diyos sa ating panambahan. Ang lahat ay nakapagtanim ng 30 marang, 12 kaimito at 10 sampalok na kaniya-kaniya nilang pinangalanan.




**Haggai 2:6 (NKJV)**

**"For thus says the Lord of hosts: 'Once more (it is a little while) I will shake heaven and earth, the sea and dry land;**

## Oktubre





### Pastors' Appreciation Day

Upang bigyang papugay ang ating butihing mga pastor sa kanilang katapatan at pagbibigay ng buhay sa Diyos, ipinagdiwang ng panambahan ang *Pastors' Appreciation Day.* Ang lahat ay malugod na nakiisa sa selebrasyong ito kung saan ilan sa ating kapatiran ay nagpahayag ng mga mensahe ng pasasalamat at nagbahagi ng mga regalo sa ating mga pastor.

## Nobyembre

### Covenant Workers' Retreat

Ang mga *covenant worker* ng UCF ay nagtungo sa Mt. Tabor upang ganapin ang *Covenant Workers' Retreat* kung saan ang bawat isa ay nakapagnilay-nilay at bumabad sa Salita ng Diyos. Maliban dito ay naisapuso ng lahat ang tunay na kahulugan ng pagbibigay ng buhay sa Diyos at paglilingkod sa Kaniya.









### Men's Fellowship Outing

Isang masayang pagtitipon ang ginanap ng *Men's Fellowship Group* nang sila ay nagtungo sa Batangas upang magtampisaw sa dagat at damhin ang preskong panahon na talagang kinagiliwan ng bawat isa. Naging oportunidad din ito upang lalong mapagtibay ang kanilang relasyon sa isa't isa bilang magkakapatid sa Panginoon.

### RECAST Awarding

Ang biyaya ng Panginoon sa UCA ay patuloy na nararanasan sa isinagawang RECAST (*Rethinking Education, Championing and Accelerating School Transformation) Program* ng PEAC kung saan isa ang UCA sa mga eskwelahan sa buong Pilipinas na nakatanggap ng *financial grant* upang lalong mapaganda ang plataporma at serbisyo ng UCA Online.







## Disyembre





### Family Christmas Celebration

Malugod na ipinagdiwang ng pamilya ng UCF ang Kapaskuhan kung saan ang tunay na diwa ng Pasko—si Hesu Kristo—ay binigyang kahalagahan. Ang iba't ibang *fellowship group* ay naghanda ng pagtatanghal na kinaaliwan ng lahat. Masaya ring nakiisa ang lahat sa mga inihandang palaro. Hindi rin nawala ang pagsasalu-salo sa masasarap na pagkain.

### UCA-UCF Hit & Run

Isang programa ng pagbibigay ang isinagawa sa Mt. Tabor kung saan ang mga *Sunday schooler* dito kasama ang kanilang mga pamilya ay masayang nagdiwang ng Kapaskuhan sa pamamagitan ng mga palaro at pagsasalu-salo. Sila rin ay hinandugan ng mga *grocery pack, gift bag* at binahaginan ng Mabuting Balita ng Kaligtasan na nagmumula lamang sa Panginoon.











Muling binagtas ng UCF ang mga lansangan ng Kamaynilaan upang mag-abot ng mga *grocery pack* at Salita ng Diyos sa mga pamilyang nakatira rito. Maliban dito ay ipinanalangin din sila ng kagalingan, probisyon at pag-iingat ng Diyos. Lalo na sa panahon ng Kapaskuhan, nais ng panambahan na maipadama rin sa kanila ang pagmamahal at biyaya ng Diyos na atin ding natanggap. Mahigit 160 pamilya ang nabenepisyuhan ng programang *Hit and Run*.

**Haggai 2:7 (NKJV)**

**And I will shake all nations, and they shall come to the Desire of All Nations, and I will fill this temple with glory,' says the Lord of hosts.**

MT. TABOR UPDATE

# Lubos at ganap ang Kaniyang pagpapala

Pag-asa, pagpapala at pag-ibig muli ang yakap at tanging sandigan ng mga anak ng Diyos sa pagsapit ng taong 2022. Isang makabuluhang taon muli ang lumipas sa ministeryo ng Mt. Tabor *Church Re-Creation Center* at isang bagong umaga ang sasalubungin nang may ngiti at kagalakan sa paglilingkod sa Diyos.

Patotoo riyan ang walang humpay na paggawa at pagbibigay oras ng mga *in-house trainee worker* sa lugar bilang kanilang pagtugon sa tawag ng paglilingkod. Kanilang ipinagpapatuloy ang mga kinagawiang gawain na siyang magpapaganda lalo sa Mt. Tabor tulad ng pagtatanim, pagsasaayos sa lugar at iba pang konstruksiyon sa mga pasilidad nito.

Pagkakaisa at iisang layunin ang siyang nagpapatatag lalo sa bawat isa. Higit sa lahat ay ang pangako ng Panginoon para sa Kaniyang mga tapat na manggagawa.

Sa linggong ito, kabi-kabilang mga gawain muli ang tapat na ginanapan ng bawat manggagawa ng panambahan. Tunghayan ang mga pagbabago sa lugar kalakip ang pangako at lubos na pagpapala at probisyon mula sa ating buhay na Diyos!

## Pag-replant ng dragon fruit



Ang mga tanim naman na *dragon fruit* ay pinuputol upang ihanda sa *replanting*. Mainit man ang sikat ng araw ngunit buong tiyagang isinasagawa ng mga manggagawa ang gawain. Tiyak na sa mga susunod na buwan ay puno na naman ng bunga ang mga halamang ito na mainam sa ating pangangatawan.

## Pag-ani ng mga buko

Napakadaming niyog o *coconut tree* ang nakatanim sa lupain ng Mt. Tabor. Kahit saan ka tumingin ay makakakita ka ng puno na ito na maraming benepisyo at paggamit. Nitong linggo ay nanguha ng mga buko sa lugar. Hitik na hitik ang mga puno sa bunga.



## Pagbibenta ng manok





Ang mga alagang manok sa Mt. Tabor ay malalaki at malulusog. Higit sa lahat ay handa na para ipagbili. Ang mga manok na ito ay isa sa mga pangkabuhayang proyekto ng Mt. Tabor Farm.

## Pagpupunla ng sunflower



Sinimulan na rin ngayong linggo ang pagpupunla ng buto ng *sunflower*. Sa paglalayong mapadami pa ang mga bubuyog sa lugar ay buong tiyaga ang pagtatanim ng mga manggagawa. Sa mga susunod na buwan ay tiyak na mamumukadkad ang mga ito na lalong magpapaganda sa buong lugar.

## Paggawa ng karagdagang poste para sa sayote





Kabi-kabila rin ang paggawa ng mga poste para sa pananim na sayote. Maging sa gilid ng hagdan ay nilagyan na. Tiyak na magiging maganda ang paglakad dito lalo kapag namunga na ang mga tanim. Maging ang pag-ani ay magiging madali lamang. Sa bagong gawang *gazebo* sa may ibabang bahagi ng lugar ay tapos na rin ang poste at *frame* na siya gagapangan ng mga nasabing halamang gulay. Kaabang-abang ang mas marami pang pananim sa lugar. Tiyak na ito ay magiging bagong atraksiyon sa mga bibisita.

Para sa mga nais bumili ng mga produkto ng Mt. Tabor, makipag-ugnayan lamang sa ating mga *in-house trainee worker*. Maaari mo ring i-*like* ang *official Facebook page* ng Mt. Tabor *Farm*. Kung gusto mo ng *organic products* na tiyak ay ligtas para sa iyong kalusugan, mag-*inquire* na.

I-SCAN ANG QR CODE NA ITO UPANG BISITAHIN ANG OFFICIAL FACEBOOK PAGE NG MT. TABOR FARM. MAGPADALA NG MENSAHE UPANG MAKAPAG-AVAIL NG MGA ORGANIKONG PRODUKTO.

***Purihin ang Diyos na Siyang nagpapala sa Kaniyang ministeryo!***

**Haggai 2:8 (NKJV)**

**'The silver is Mine, and the gold is Mine,' says the Lord of hosts.**

NEW YEAR CELEBRATION

# Bagong taon mula sa Panginoon

Pasasalamat ang isinalubong ng mga anak ng Diyos sa pagsapit ng taong 2022. Sa kabila ng dinanas na pandemya, pagtitiwala at pananampalataya pa rin sa Diyos ang nangibabaw. Bilang pagdiriwang ng bagong taon, sumandaling nagsama-sama ang ilang manggagawa ng panambahan noong Disyembre 31, Biyernes, sa UCF Church. Isang programa ang malugod na pinasinayaan ni Punong Pastor Rev. Dr. William Sy.




*Masasarap na putahe ang inihain sa isang masayang salu-salo na bumusog sa lahat. Napakagandang fellowship ng mga anak ng Diyos ang naganap kung saan ang pasasalamat sa Panginoon ang naging sentro ng pagtitipon.*




*Naghandog din ng mga awitin para sa Panginoon, mga awiting pasasalamat at pagbibigay papuri sa lahat ng mabuting ginawa ng Panginoon.*






*Nagkaroon din ng masayang mga palaro na kinagiliwan ng lahat. Bata man o matanda ay hindi nagpahuli sa bawat papremyong inihanda.*



*Bago matapos ang gawain, ipinanalangin ni Rev. Dr. Sy ang lahat ng isang mapayapang bagong taon na puno ng pagpapala ng Diyos. Isang deklarasyon rin ang ginawa bilang pagwaksi sa nakalipas na taon at pagyakap sa bagong pangako ng Diyos.*

CHRISTMAS CELEBRATION

# Handog na regalo

Para sa nagdaang taon na pagganap sa gawain ng Diyos ng mga miyembro ng UCF, isang munting regalo ang handog ni Punong Pastor Rev. Dr. William Sy. Bilang pasasalamat at pagpapakita ng kaniyang pagpapahalaga sa bawat isa, namahagi ng *water tumbler* sa mga *covenant member* at *worker*.

Buong tuwa namang tinanggap ng lahat ang handog. Bakas sa kanilang ngiti ang pasasalamat at kagalakang nagmumula sa kanilang puso.






**Haggai 2:9 (NKJV)**

**'The glory of this latter temple shall be greater than the former,' says the Lord of hosts. 'And in this place I will give peace,' says the Lord of hosts."**

SALAMAT, Panginoon

# Kasapatan sa piling ng Diyos

Ang nagdaang taon ay nagdala ng iba't ibang pagsubok sa buong mundo dala ng pandemya ngunit ang ating Diyos ay nanatiling tapat sa pagtugon sa pangangailangan ng Kaniyang mga anak na nanatiling matatag ang pananampalataya sa kabila ng lahat. Kaya naman buong puso rin ang pagdeklara ng ilan sa mga *covenant member* kung paano sila iniligtas at sinamahan ng Diyos sa buong taon ng 2021.

"Purihin ang Panginoon sa katapatan Niya sa Kaniyang mga pangako! Lubos ang aking pasasalamat sa buong taon na sinamahan kami ng Panginoon na maitawid ang mahirap na sitwasyon dulot ng pandemya. Nandoon ang pinansyal na struggle dahil sa kawalan ng pinagkakakitaan subalit hindi kami hinayaan ng Lord na magutom. Nagkaroon din kami ng close contact sa COVID-19 positive subalit kami ay pinagaling at iningatan ng Lord. Ang pinakamahirap naming pinagdaanan ay ang magkasakit si nanay ng Trigeminal Neuralgia, isang uri ng nerve pain na nagpahirap sa kaniya kung saan halos ilang buwan na siyang hindi nakakakain at nakakatulog dahil sa karamdamang ito. Sabi pa ng doktor ay operasyon lang ang sagot sa karamdaman ng nanay ko at kailangan naming maghanda ng P1,000,000. Sa mga oras na iyon, nanalangin ako sa Lord nang may kapayapaan at buong pagtitiwala na may Diyos ako na magpapagaling sa aking ina. At hindi Niya ako binigo. Pinagaling Niya ang aking ina! Ito ay kagalingang lalong nagpatibay ng aming pananampalataya na tunay ngang walang imposible sa Diyos!



**Sis. Niña Murillo**
Covenant Member

Purihin at dakilain ang tunay at makapangyarihang Diyos! Nagbago po ang buhay ko nang makilala ko si Hesus. Nagkaroon ako ng tunay na direksyon at kaligayahang Diyos lamang ang nakapagdulot. Ang dating magulo at makasalanang buhay ay naging maayos, may kagalakan at kapayapaan. Tinulungan akong makalakad sa Kaniyang kalooban. Tapat at dakila ang Diyos na aking tinanggap at pinaglilingkuran. Kamakailan lamang, ipinamalas ng ating Diyos na hindi lamang ako ang nakaranas ng ganap na kagalingan kung hindi maging ang aking amang nilapit ko sa Kaniya upang makilala Siya. Sa pangyayaring yaon, patuloy kong pinanghahawakan ang Salita ng Diyos at ang Kaniyang pangako sa pamamagitan ng patuloy na panalanging may pananampalataya at paghingi rin ng panalangin mula sa mga UCF covenant member pati sa mga pastor. Ang aking tatay ay magaling na. Ngayon, ako ay nagpapatuloy na naghahangad na maitaas ang pangalan ng ating Diyos sa lahat ng pagkakataon ng aking buhay. Anumang pagsubok ay malalampasan sapagkat si Hesus ang ating kasama. Sabi nga, 'Habang mayroong lakas at hininga sa Iyo, O Diyos, ako ay sasamba, pupurihin Ka, hanggang sa wakas.' Salamat sa biyaya ng buhay, Hesus!"



**Sis. Rina Ani**
Covenant Member

Looking back on how 2021 went through in our lives, I realized the ups and downs that we went through. But in all these, God is merciful, full of grace, and faithful to His promises. He has been with us always. We were wondering sometimes why does it seem as if God is not hearing our prayers. But indeed, He hears our prayers! He is never late—God's time, God's ways, and God's will. We just need to trust, obey, and have our hope high with God. Most of the time we fail, but in our weaknesses, He is our refuge and strength. COVID-19 still has been with us this 2021. I have my own battle with COVID, wherein I was almost lost and it could have cost my life. But God rescued me. I won the battle with COVID through the help and mercies of our God. He healed me! God heals! The Lord is our Jehovah Rapha! God is good all the time. I and my family are so grateful to God. We will continue to lift our hands in worship to God, to always praise Him and to glorify His Name. Purihin Ka, Panginoon! Salamat po Panginoon! In the mighty Name of our Lord Jesus Christ, Amen! To God be the glory!"



**Bro. Lito Cobarrubia**
Covenant Member

"Nagpapasalamat po ako sa Lord sa buong taon ng Kaniyang pagpapala, pagsama, pag-iingat at pag-ibig na wagas. Dumaan man ang pandemic at nakaranas man ng samu't saring pagsubok, pero hindi Niya ako iniwan. Hindi Niya rin pinabayaan ang pamilya ko, maging ang mama kong nagtatrabaho sa ibang bansa. Salamat sa Panginoon dahil marami rin Siyang binuksang mga opportunity sa akin upang makapaglingkod. Salamat sa Panginoon dahil nagkakasakit man kami, pinagagaling Niya kami. Panginoon, salamat dahil Ikaw ay mabuti. Salamat dahil hindi Ka po nagbabago noon, ngayon at kailanman. Salamat, Panginoon, sa mga panalangin na sinagot Mo. Tapat ka, Panginoon. Sa Iyo ang pinakamataas na papuri at pasasalamat!



**Sis. Christine Joy Demain**
Covenant Member

**Habakkuk 2:2 (NKJV)**

**Then the Lord answered me and said: "Write the vision And make it plain on tablets, That he may run who reads it."**

Nagpapasalamat ako nang lubusan sa Panginoon sa katapatan at kabutihan Niya sa buhay ko at ng aking pamilya. Sa muling pagtatapos ng taon ay lalo kong napatunayan na ang Diyos ay buhay. Ang Lord ay hindi nagkukulang bagkus ang pagpapala Niya sa amin ay sapat at higit pa. Sa buong taon, kami ay iningatan at nang nagkaroon ng karamdaman, kami ay pinagaling. Sa bawat araw ng buhay ko ay patuloy na hinahayag ng Panginoon ang Kaniyang dakilang pag-ibig. Tunay nga na kapag pinili nating magtiwala ng ating buhay sa Panginoon, hindi Niya tayo pababayaan. I am beyond grateful to the Lord for this year!



**Sis. Trisha Mae Dimaranan**
Covenant Member

